# Mga Numero ng Social Security Para Sa Mga Hindi Mamamayan

2011

## Kailangan ba ng isang hindi mamamayan ang numero ng Social Security?

Maliban kung ikaw ay isang hindi-mamamayan (non-citizen) na nagnanais magtrabaho sa Estados Unidos, marahil ay hindi mo kailangan ang isang numero ng Social Security.

Sa pangkalahatan, tanging ang mga hindi-mamamayan na pinayagang magtrabaho sa Estados Unidos ng Kagawaran ng Seguridad ng Tinubuang-Bayan (Department of Homeland Security, DHS) ang maaaring makakuha ng isang numero ng Social Security. Ang mga numero ng Social Security ay ginagamit upang iulat sa gobyerno ang mga sahod ng indibidwal at upang matukoy ang pagkakarapat-dapat ng isang tao sa mga benepisyo sa Social Security. Kailangan mo ng isang numero ng Social Security upang makapag-trabaho, kumolekta ng mga benepisyo sa Social Security at tumanggap ng ibang mga serbisyo ng gobyerno.

Ang legal na kinilalang mga hindi-mamamayan ay maaaring makakuha ng maraming mga benepisyo at mga serbisyo ng walang numero ng Social Security. Hindi mo kailangan ng isang numero upang kumuha ng lisensya sa pagmamaneho, mag-rehistro sa paaralan, kumuha ng pribadong segurong pangkalusugan, o mag-apply para sa mga programang pananghalian sa paaralan o tulong sa pabahay.

Ang ilang mga organisasyon ay gumagamit ng mga numero ng Social Security upang kilalanin ka sa kanilang mga talaan. Gayunpaman, karamihan ay kikilalanin ka sa pamamagitan ng ilang mga paraan kung iyong hihilingin.

Hindi kami maaaring magtakda sa iyo ng isang numero ng Social Security dahil lamang para ka makakuha ng lisensya sa pagmamaneho o isang serbisyo na nangangailangan ng isang pagrepaso sa kredito (credit check).

Bagama't maraming mga kompanya, tulad ng mga banko at mga kompanyang nagpapautang, ang maaaring humiling ng iyong numero ng Social Security, ikaw ay hindi kinakailangang magbigay nito kung wala ka nito.

## Paano ako makakakuha ng isang numero ng Social Security at card?

Mayroong dalawang paraan upang makapag-apply:

- Maaari kang mag-apply sa iyong bansang tinubuan bago ka dumating sa Estados Unidos kapag magpa-file ng isang aplikasyon para sa 'immigrant visa' sa U.S. Department of State. Halos sa lahat ng mga kaso, kung ikaw ay mag-a-apply para sa isang numero at card ng Social Security sa iyong aplikasyon sa 'immigration visa', hindi mo kailangang bumisita sa isang tanggapan ng Social Security sa Estados Unidos. (Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa ***www.socialsecurity.gov/ssnvisa***); o
- Maaari kang bumisita ng personal sa isang tanggapan ng Social Security.

Kung ikaw ay hindi isang imigrante o mandarayuhan, o hindi nag-apply ng isang numero ng Social Security sa iyong aplikasyon sa immigrant visa, dapat mayroon kang mga dokumento mula sa DHS na nagpapakita ng iyong U.S. immigration status at awtorisasyon na magtrabaho sa Estados Unidos. Dapat kang mag-apply ng numero at card ng Social Security sa pamamagitan ng pagbisita sa isang tanggapan. Aming inirerekomenda na ikaw ay maghintay nang 10 araw matapos dumating sa Estados Unidos sa pag-apply ng isang numero sa Social Security. Mas mapapadali para sa amin na patunayan online ang iyong mga dokumento ng DHS, na siyang magpapabilis sa pagpoproseso ng iyong aplikasyon para sa numero ng Social Security. Ang pag-apply ng numero at card ng Social Security ay libre. Upang mag-apply:

- Kumpletuhin ang *Aplikasyon para sa Tarheta ng Social Security* (Application for a Social Security Card, Form SS-5);
- Magpakita sa amin ng kahit man lang dalawang orihinal na mga dokumento na nagpapatunay sa iyong:
  - — Pagkakakilanlan;
  - — Pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho;
  - — Edad; at
- Dalhin ang nakumpletong aplikasyon at mga orihinal na dokumento sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security.

***Lahat ng mga dokumento ay dapat mga orihinal o mga kopya na ipinagtibay ng nagbigay na ahensya. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopy o notaryadong mga kopya ng mga dokumento.*** Hindi rin kami maaaring tumanggap ng resibo na nagpapakita na ikaw ay nag-apply para sa dokumento.

Maaari kaming gumamit ng isang dokumento para sa dalawang mga layunin. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong pahintulot na magtrabaho mula sa DHS bilang katibayan sa iyong pagkakakilanlan at sa pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho. Ang iyong katibayan sa kapanganakan (birth certificate) o pasaporte ay maaaring magsilbing katibayan ng edad. ***Gayunpaman, kailangan mong magbigay ng hindi bababa sa dalawang magkabukod na mga dokumento.***

Ipapadala namin sa koreo ang iyong numero at card sa oras na nakuha namin ang lahat ng iyong impormasyon at aming napatunayan ang iyong mga dokumento mula sa mga tanggapang nagpalabas (issuing offices).

### Pagkakakilanlan at pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho

Upang patunayan ang iyong pagkakakilanlan at pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho, ipakita sa amin ang iyong kasalukuyang mga dokumento sa U.S.

(kabila)

Immigration at ang iyong hindi pa pasong banyagang pasaporte. Kabilang sa mga katanggap-tanggap na mga pandarayuhang dokumento ay ang iyong:

- Form I-551 (kasama ang machine-readable immigrant visa);
- Form I-94 Talaan ng Pagdating/Pag-alis (*Arrival/Departure Record*) na nagpapakita ng kapahintulutan na magtrabaho mula sa DHS; o
- Form I-766 Tarheta sa Kapahintulutang Magtrabaho (*Employment Authorization Card*).

**Mga panauhing nakikipagpalit:** Kung ikaw ay isang J-1 o J-2 na panauhing nakikipagpalit (exchange visitor), kailangan din namin na makita ang iyong DS-2019, *Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuan ng Panauhing Nakikipagpalit* (*Certificate of Eligibility for Exchange Visitor Status*). Kung ikaw ay isang J-1 na estudyante, mag-aaral na interno at dayuhang bisita, dapat kang magpakita ng isang sulat mula sa iyong tagatangkilik. Ang kasulatan ay dapat nasa letterhead ng tagatangkilik na mayroong orihinal na lagda na nagbibigay pahintulot sa iyong pagtatrabaho.

**Mga dayuhang mag-aaral:** Kun ikaw ay isang F-1 o M-1 na estudyante, kailangan namin na makita ang iyong Form I-20, *Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuan ng Hindi Nandarayuhang Mag-aaral* (*Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status*). Para sa karagdagang impormasyon sa ibang mga dokumento ng estudyante, humiling sa *Mga Pandaigdigang Mag-aaral at Mga Numero ng Social Security* (International Students and Social Security Numbers, Publication No. 05-10181).

## Edad

Dapat mong ibigay ang iyong banyagang katibayan sa kapanganakan (birth certificate) kung ikaw ay mayroon nito o kung maaari mo itong kunin sa loob ng 10 araw na may pasok. Kung hindi, maaari naming isaalang-alang ang ibang mga dokumento, tulad ng iyong pasaporte o isang dokumento na ipinagkaloob ng DHS, bilang katibayan ng iyong edad.

## Paano kung kailangan ko ng numero para sa ibang mga dahilan?

Kung ikaw ay hindi binigyan ng pahintulot ng DHS na magtrabaho sa Estados Unidos, ikaw ay maaari lamang makakuha ng numero ng Social Security kung iyong mapapatunayan na kailangan mo ito sa isang dahilan na walang kinalaman sa trabaho. Ito ay maaaring mangyari, halimbawa, kung ang estado o batas pederal ay inaatasan kang magkaroon ng numero ng Social Security upang makakuha ng mga benepisyo kung saan ikaw ay nakapagtatag na maging-marapat na pagkalooban.

Kung kailangan mo ng numero para sa mga layunin sa pagbubuwis at ikaw ay hindi awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos, maaari kang mag-apply para sa isang '*Individual Taxpayer Identification Number*' mula sa Serbisyo ng Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS) Personal na bumisita sa IRS o tumawag ng libre sa IRS sa numero **1-800-TAXFORM** (**1-800-829-3676**), at humiling ng kopya ng Form W-7, *Aplikasyon Para Sa Numero ng Pagkakakilanlan ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis* (*Application For An Individual Taxpayer Identification*).

Kung ang isang negosyo o ahensya ng gobyerno ay hinihingi sa iyo ang isang numero ng Social Security at ikaw ay hindi awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos, itanong kung maaari ka nilang kilalanin sa ibang paraan. Sa karamihan ng kaso, ikaw ay makakakuha ng serbisyo o lisensya na kailangan mo kahit walang numero ng Social Security.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10096-TL
Social Security Numbers For Noncitizens (Tagalog)
September 2011